PAANO MAGHANAP AT MANGUPAHAN NG BAHAY KUNG KAYO AY MAY MALAKING PAMILYA

Ang karaniwang pamilya ng taga-Canada ay binubuo ng apat katao. Bilang bunga, kadalasang mahirap para sa isang bagong dating na may mas malaking pamilya na maghanap ng isang bahay na upahan sa Canada na sapat ang laki para sa pangangailangan nila.

Kung kayo ay may malaking pamilya, ang Canada Mortgage and Housing Corporation (CMHC) ay naghahandog ng sumusunod na mga tip upang matulungan kayo na maghanap at mangupahan ng isang bahay:

- Ang karaniwang mga apartment sa Canada ay dinisenyo para sa mga pamilyang karaniwan ang laki. Nangangahulugan ito na ang karamihan sa mga apartment na mauupahan ay karaniwang may isa o dalawang silid-tulugan. May napaka-kaunting mga apartment sa Canada na may tatlong silid-tulugan, kahit na sa malalaking siyudad. Ang mga apartment na may apat o limang silid-tulugan ay higit na bihira.
- Ang ilang mga landlord ay nagbibigay ng limitasyon sa bilang ng tao na maaaring titira sa isang apartment. Iyan ay dahil ang tuberyas ng gusali, sistemang elektrikal, mga elevator, paradahan at iba pang mga katangian ay dinisenyo para sa partikular na bilang ng mga tao. Kung higit na bilang ng mga tao ang titira sa isang apartment kaysa para sa dinisenyo nito, makakapagbigay ito ng bigat sa mga sistema ng gusali.
- Kung kayo ay may malaking pamilya at nais ninyong lahat na manirahang magkakasama, maaaring isang magandang ideya ang mangupahan ng isang bahay kaysa isang apartment. Ang mga bahay ay higit na mahirap hanapin at higit na mahal kaysa mga apartment, ngunit karaniwang may malaking espasyo ang mga ito at higit na flexible upang makapagbigay sa mga pangangailangan ng isang mas malaking grupo ng mga taong naninirahan sa isang bubong.
- Upang matulungan kayo na mapakinabangan nang husto ang isang mas maliit na espasyo, patulugin ang dalawa o higit pang mga bata sa iisang silid. Kung walang sapat na espasyo, isaalang-alang ang pagbili ng mga bunk bed. Ang mga bunk bed ay dalawa o higit pang mga kama na isinasalansan sa bawat isa, na nagbubuo ng isang unit. Ang mga bunk bed ay nakakapagpatipid ng maraming espasyo, habang nagbibigay pa rin sa bawat bata ng kanilang sariling kama.
- Kung ang inyong pamilya ay kinabibilangan ng mas matatandang mga magulang, mga lolo/lola o iba pang mas matatandang mga kamag-anak, subukang pumili ng kalapitbahayan na may mga serbisyo at mga aktibidad para sa matatanda. Kayo at ang inyong asawa ay posibleng makakahanap ng trabaho at ang inyong mga anak ay makakahanap ng mga kaibigan kapag pumasok sila sa paaralan. Ngunit ang mas matatandang mga kamag-anak ay mahihirapang makakakilala ng mga bagong kaibigan, kaya maghanap ng sentro ng komunidad o ibang mga pasilidad na naghahandog ng mga klase sa pagluluto, mga klaseng pangwika, mga programang pang-ehersisyo o iba pang pang-araw na mga programa para sa mas matatanda.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pabahay, makipag-ugnayan sa Canada Mortgage and Housing Corporation sa www.cmhc.ca/newcomers.

67330 15-06-11 How to Find and Rent a Home if You Have a Large Family (Tagalog version)

Canada

CMHC SCHL
HOME TO CANADIANS